ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 10
Mayo 21, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan sa ilalim ng rehimeng Duterte

Ang paglitaw ni Mayor Rodrigo Duterte ng Davao City bilang bagong pinuno ng reaksyunaryong estado ay nagbubunsod ng bagong mga hamon at bungkos ng mga tungkulin.

Habang batid ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa na nananatili ang pundamental na reaksyunaryong katangian ng naghaharing estado, sapol din nila ang partikularidad ng bagong uupong rehimen ni Duterte at ng iniluluwal nitong sitwasyon na maaaring samantalahin para sa pagtataguyod ng interes ng mamamayan sa pamamagitan ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Ang ipinamamalas ni Duterte na pagiging bukas sa pakikipagtulungan sa PKP at NDFP ay marapat na salubungin para maisulong ang kapakanan at hangarin ng bayan. Nagbubukas ang Partido at buong rebolusyonaryong kilusan sa pakikipag-alyansa sa rehimeng Duterte sa pamamagitan ng usapang pangkapayapaan sa batayan ng mga prinsipyo ng pagtataguyod sa pambansang kasarinlan at katarungang panlipunan.

Sa balangkas ng usapang pangkapayapaan, dapat isulong ang pakikibaka para sa pagtataguyod sa karapatang-tao, kabilang ang pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal at mga konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan. Igiit ang kahilingan ng mamamayan na wakasan ang Oplan Bayanihan na gerang panunupil sa bayan, at tutulan ang maaaring isunod ng AFP na kahalintulad na kampanyang anti-insurhensya. Sa kabilang panig, upang puspusang suportahan at ibayong pabilisin ang usapang pangkapayapaan, handa ang Partido na isaalang-alang ang panukalang sabayang tigil-putukan sa panahon ng negosasyon.

Dapat pakilusin ang sambayanan para suportahan ang panawagan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Pag-ibayuhin ang pagpapalaganap ng 12-puntong programa ng NDFP at ibunsod ang malawak na pagsuporta rito ng bayan.

Ang usapang pangkapayapaan ay larangan ng pakikipagtunggali sa naghaharing uri. Magiging mabunga ito para sa mamamayan kung kaalinsabay nito ay kikilos sa lansangan ang ilampung libong manggagawa dala ang sigaw para sa trabaho sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon, karagdagang sahod, pambansang minimum na sahod at pagwawakas sa kontraktwalisasyon at iba pang patakaran ng pleksibleng paggawa.

Dapat ring pakilusin ang daan-daan libong magsasaka sa lansangan upang magamit nilang tuntungan ang usapang pangkapayapaan para igiit ang tunay na reporma sa lupa bilang mga susing kawing sa pagkamit ng katarungang panlipunan at kapayapaan sa kanayunan.



Tipunin ang malawak na suporta para sa programa ng NDFP sa hanay ng mga kabataan-estudyante, kababaihan, mga akademiko at eksperto, mga taong-simbahan, mga karaniwang kawani, mga migranteng manggagawa at kanilang mga pamilya, mga maralita sa kalunsuran at mga walang hanapbuhay at pakilusin sila para igiit ang kinakailangang mga reporma para lutasin ang mga usaping nasa ugat ng gera sibil sa Pilipinas.

Kung saan aabot ang usapang pangkapayapaan ay nakasalalay sa kung hanggang saan paninindigan ni Duterte ang kanyang mga pangako na palalayain ang mga konsultant ng NDFP at lahat ng mga bilanggong pulitikal, at naunang deklarasyon sa pagiging "sosyalista" at presidenteng "maka-Kaliwa."

Ngayon pa lamang, mahigpit nang tinututulan ng mga upisyal ng militar, malalaking negosyo at kontra-rebolusyonaryong mga sosyal-demokrata ang planong pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal, pati na ang plano ni Duterte na ilaan ang apat na pwesto sa kanyang gabinete sa kinatawan o irerekomenda ng PKP.

Asahan din na magkakaroon ng mahigpit na tunggalian sa mga usaping sosyo-ekonomiko. Batay sa mga naunang deklarasyon ng mga upisyal na itinalaga ni Duterte sa ekonomya, lumilitaw na wala itong plano na baguhin ang kasalukuyang umiiral na mapang-aping kaayusang neoliberal.

Dapat palakasin ang pakikipagtagisan sa masmidya, *social media,* sa mga kampus at iba pang larangan ng propaganda kaugnay sa programang sosyo-ekonomikong isinusulong ng pambansa demokratikong kilusan laban sa mga neoliberal na patakaran na ipinatutupad ng reaksyunaryong estado sa nagdaang tatlong dekada't kalahati.

Dapat ilantad at labanan ang mga patakarang neoliberal na pumapabor sa walang-habas na pagsasamantala ng dayuhang malalaking kapitalista sa murang lakas-paggawa at likas na yaman ng bansa. Gayundin, ilantad kung papaanong hinadlangan nito ang pag-unlad ng lokal na ekonomya at pinababayaang magkamal ng malaking tubo ang mga pribadong negosyo sa kapinsalaan ng mamamayan.

Kasabay nito, dapat hikayatin ang aspetong anti-US ni Duterte. Palakasin ang panawagan para ibasura ang mga tagibang na tratadong militar tulad ng EDCA, VFA at MDT; gayundin, para itakwil ang doktrinang "counterinsurgency" ng US na layuning panatilihin ang kaayusang sila ang naghahari sa Pilipinas.

Maaari ring suportahan ang pagsisikap ng rehimeng Duterte na palakasin ang mapagkaibigang relasyon sa China at mapayapang paglutas sa usapin ng South China Sea sa interes ng pagtatanggol ng soberanya ng Pilipinas. Kaakibat nito, dapat itulak ang paghinto ng pagpapakitang-gilas ng militar ng US at China at isulong ang pagbawas ng presensyang militar ng dalawang panig sa teritoryo ng Pilipinas.

Sa harap ng nagbabagong sitwasyon sa ilalim ng rehimeng Duterte, dapat mahigpit na pagkaisahin ang Partido at mga rebolusyonaryong pwersa tungkol sa ibinubunga nitong mga potensyal at limitasyon para sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan.

Dapat mahigpit na hawakan ang mga tungkulin na dapat gampanan sa iba't ibang larangan ng pakikibaka. Tiyaking talakayin ng lahat ng sangay ng Partido at mga organisasyong masa ang mga pahayag at direktiba ng sentral na pamunuan tungkol sa bagong sitwasyon sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Habang mataman nating hinaharap ang taktikal na sitwasyon upang isulong ang mga kagyat na kahilingan ng mamamayan, nakatuon rin ang ating pansin sa mas estratehikong mga usapin.

Dapat patuloy na panghawakan ang mga tungkulin para sa ibayong pagpapalawak, pagpapalakas at pagpapatatag ng Partido upang mapamunuan nito ang lumalaking mga tungkulin sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon bayan. AB

ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 10 | Mayo 21, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*

## Nilalaman

| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan | 1 |
| Paghahanda para sa usapan | 3 |
| 9 na armas, nakumpiska ng BHB | 4 |
| Alok ng pusisyon sa gabinete | 5 |
| Ang kaayusang neoliberal | 6 |
| Parawagan para sa lupa at hustisya | 7 |
| Ano ang neoliberalismo? | 8 |
| Welga sa 2 pabrika, pumutok | 8 |
| Aktibista, pinatay sa Sorsogon | 9 |
| Asembliya ng mga Tumandok | 9 |
| 5 progresibong partido, nagwagi | 10 |
| Pakikibaka para sagipin ang Fabella | 10 |
| Pakikibaka sa Kampung Dadap | 10 |

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Negosasyong pangkapayapaan, pinaghahandaan na



Ikinalugod ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang pagbukas ni Davao Mayor Rodrigo Duterte na ituloy ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Pilipinas (GRP) at NDFP kapag naupo na siya bilang bagong presidente ng bansa.

Ayon kay NDFP Negotiating Panel Chairperson Luis Jalandoni, positibong hakbang din ang pahayag ni Duterte na palalayain niya ang lahat ng bilanggong pulitikal upang ibunsod ang pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan. Sa 543 bilanggong pulitikal, 88 ang maysakit at nagkaka-edad na, at 18 ang mga konsultant para sa negosasyong pangkapayapaan. Paglabag sa mga naunang kasunduan ang pag-aresto sa mga konsultant at di-makatarungan ang pagpiit sa kanila sa mahabang panahon. Karamihan, kundi man lahat sa mga bilanggong pulitikal ay sinampahan ng mga gawa-gawang kasong kriminal.

Nagpahayag si Silvestre Bello III, ang itatalagang punong negosyador ng gubyerno ni Duterte para sa usapan, na itataguyod nito ang lahat ng nabuong kasunduan sa pagitan ng GRP at NDFP. Hinggil dito, sinabi ni Jalandoni na walang pampulitikang kapasyahan ang mga nagdaang administrasyon na ipatupad ang mga kasunduang nabuo mula pa noong panahon ni Fidel Ramos.

Nagbabala naman si Prof. Jose Maria Sison, ang Chief Political Consultant ng NDFP, sa mga tangka ng mga anti-komunista tulad nina Sen. Antonio Trillanes IV, Sen. Panfilo Lacson at Chito Gascon ng Commission on Human Rights na isabotahe ang negosasyong pangkapayapaan. Kaugnay nito, handa umanong bumalik sa Pilipinas si Prof. Sison kung tutuparin ni Duterte ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal, at kung mayroong kasunduan para sa sabayang tigil-putukan, kooperasyon at pagpapabilis ng negosasyong pangkapayapaan upang lutasin ang mga ugat ng digmang sibil. Hinihingi rin ni Prof. Sison na tupdin ni Duterte ang pahayag na bisitahin siya nito sa The Netherlands.

Noong Mayo 17, nakipagpulong na ang kinatawan ng NDFP peace panel na si Fidel Agcaoili sa grupo ni Duterte sa Davao City upang talakayin ang magiging kondukta para sa gaganaping usapan. Ayon sa kanya, dapat magkaroon ng masaklaw na mga talakayan hinggil sa sabayang tigil-putukan at mga kasunduan sa mga repormang sosyo-ekonomiko at pampulitika. Dati nang nakapagbuo ang NDFP ng detalyadong borador para sa bubuuing Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms, na siya sanang susunod na adyenda ng mga usapan kung hindi lamang sinagkaan ng rehimeng Aquino ang pag-usad ng negosasyon. Handa rin ang NDFP na "pagsabay-sabayin" ang pagbubuo ng magkakasunod na adyenda sa usapan para pabilisin ang pagkakamit ng pinal na kasunduang pulitikal.

Sa isang pahayag, sinabi ng PKP na ang negosasyong pangkapayapaan ay mahusay na oportunidad upang talakayin ang mga sosyo-ekonomikong usapin na kinakaharap ng mamamayan. Hinihikayat si Duterte na makipagtalakayan sa mga manggagawa, magsasaka at iba pang organisasyong masa upang mapakinggan niya ang kanilang mga hinaing at makita ang kagyat na pangangailangang tugunan ang kanilang kalagayan sa pamamagitan ng makabuluhang mga pagbabago sa patakaran.

## Hamon ng NDF-Mindanao kay Duterte

KAGYAT NA pagpapatigil ng militarisasyon sa Mindanao ang isa sa mga kagyat na hamon sa pamumuno ng bagong pangulo. Ito ang nilalaman ng pahayag ni Ka Oris, tagapagsalita ng NDF-Mindanao noong Mayo 13.

Inilinaw ng tagapagsalita na ang pagkakahalal ni Rodrigo Duterte sa panguluhan ay nagbubukas ng pagkakataon para sa mga hinaing at hangarin ng mamamayan sa Mindanao. Sa maraming pagkakataon, nanindigan si Duterte sa panig ng mamamayan sa mga isyu ng sapilitang ebakwasyon, interbensyong US sa Davao City, pagtatanggol sa mga maralitang lunsod, mga isyung pangkalikasan, iligal na droga, at pagpapalaya sa mga POW (*prisoner of war*).

Ayon kay Ka Oris, “partikular sa Mindanao, ang kagyat na hamon sa pamumuno ni Duterte ay kung paano agad na patitigilin ang militarisasyon ng Mindanao upang manormalisa ang pang-ekonomya, sosyal at kultural na

*"Hamon....," sundan sa pahina 4*

# Alok na pusisyon sa gabinete, positibong tinugunan ng PKP

Hayagang inialok ng kahahalal na presidente na si Rodrigo Duterte noong Mayo 16 ang apat na pwesto sa kanyang gabinete sa Partido Komunista ng Pilipinas. Ang mga ito ay ang mga kalihiman ng Department of Labor and Employment (DOLE), Department of Social Welfare and Development (DSWD), Department of Agrarian Reform (DAR), at Department of Environment and Natural Resources (DENR). Dalawa rito, ang DAR at DENR, ay ibabase diumano ni Duterte sa Mindanao.

Ikinalulugod ng PKP ang pag-alok ni Duterte ng pwesto sa kanyang gabinete. Pagkilala ito sa lakas at katayuang pulitikal ng PKP at ng mga rebolusyonaryong pwersa, ang mabisang pangangatawan ng mga ito sa interes ng mga manggagawa, magsasaka, minorya at malawak na masa gayundin ang gawain nito sa pangangalaga sa kalikasan.

Gayunpaman, inilinaw ng PKP na mas mahalaga para sa mga rebolusyonaryong pwersa ang mga pagbabago sa patakaran at programa ng nasabing mga departamento at ng buong estado. Kabilang rito ang pagbabawal ng kontraktwalisasyon, pagtataguyod sa mga unyon, pagpapatupad ng pambansang sistema sa pasahod, at pagtataas ng sahod, tunay na reporma sa lupa batay sa katarungang panlipunan, pagbabawal sa mga plantasyon na mangamkam at magmonopolyo ng lupa, at pagwawakas sa presensya ng tropang US sa Pilipinas. Dapat ipatupad ang pagbwelta sa mga patakarang neoliberal ng nakaraang tatlong dekada.

Ang alyansa o koalisyon sa pagitan ng rehimeng Duterte at ng PKP at mga rebolusyonaryong pwersa ay matatamo batay sa mga prinsipyo tulad ng pambansang soberanya at katarungang panlipunan na nasa ubod ng armadong tunggalian. Kabilang rito ang pangangailangan ng tunay na reporma sa lupa, industriyalisasyon at kaunlarang pang-ekonomya, hanapbuhay, pagtatapos sa presensya ng tropang US, at iba pa.

Inaasahan ng PKP na ang alok ay masusundan ng mas masusing talakayan ng mga patakaran sa pamamagitan ng negosasyong pangkapayapaan sa NDFP.

Noong Mayo 18, tinugunan ni Luis Jalandoni, punong negosyador ng NDFP, ang alok ni Duterte sa pagsasabing magbibigay ang rebolusyonaryong kilusan ng listahan ng mga irerekomenda sa gabinete. Hindi kailangang manggaling ang mga ito sa PKP, ani Jalandoni. Sa halip, maaari silang manggaling sa mga ligal na pambansa-demokratikong organisasyon. Walang itatalagang myembro ng Bagong Hukbong Bayan sa gabinete, ayon pa kay Jalandoni, hanggang hindi naaabot ang pinal na pampulitikal na kasunduan kaugnay sa disposisyon ng rebolusyonaryong armadong pwersa at kung kailan posible nang itayo ang isang gubyernong koalisyon.

Naglinaw naman si Jose Maria Sison, punong pulitikal na konsultant ng NDFP, na hindi siya tatanggap ng anumang pusisyon sa gabinete dahil marami na siyang inaasikasong gawain sa usapang pangkapayapaan.

Samantala, ipinahayag ni Corazon Soliman ng DSWD ang kanyang takot na matatanggal ang 4Ps sakaling umupo sa departamento ang PKP. Tulad ng inaasahan, agad ring tumutol ang mga negosyante sa alok ni Duterte na hawakan ng PKP ang DOLE. AB

---

*"Hamon....," mula pahina 3*

pamumuhay ng mamamayang Lumad, Moro at di-Moro; ang ligtas na pag-uwi ng libu-libong biktima ng sapilitang ebakwasyon sa kanilang mga tahanan sa Davao, Caraga, Bukidnon, North Cotabato, sa mga eryang Moro at iba pang bahagi ng Mindanao; ang dagliang pagbubukas ng mga paaralang pilit na ipinasara at pagpapatigil sa harasment sa mga ito; pagwawakas ng ekstrahudisyal na pagpatay at iba pang anyo ng paglabag sa karapatang-tao na isinasakatuparan ng mga yunit militar at paramilitar na organisado ng AFP at ang kaakibat na paggagawad ng hustisya para sa lahat ng biktima; ang kagyat na paglalansag sa mga pwersang paramilitar; pagwawakas sa malawakang paglaganap ng mga sindikato sa droga sa Mindanao; madaliang ayudang pagkain sa masang magsasaka na apektado ng matagalang tagtuyot; pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal, laluna ang mga walang-salang sibilyan na ibinimbin o hinatulan batay sa mga gawa-gawang kaso, at iba pang katulad na isyu.

Muli ring inilinaw ni Ka Oris ang mga kahilingan ng NDFP sa pambansang saklaw kabilang na ang problema sa LRT at trapik, iligal na droga, kriminalidad, at ang panawagan para sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan, tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, pagpapatigil ng mga patakarang neoliberal, at pagtatakda ng independyenteng patakarang panlabas lalo na ukol sa usapin sa EDCA at sa China.

Sa kabilang banda, tinatanaw ng NDFP-Mindanao na kailangang lalong palakasin ang malawak na kilusang masa sa Mindanao at sa buong bansa upang higit na maitulak ang pagkilos ni Duterte sa naturang usapin at maging panimbang sa mga reaksyunaryong hakbanging nagpepresyur sa bagong presidente. AB

# 9 na armas, nakumpiska ng BHB

Siyam na armas ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma sa Negros, Agusan del Sur at Misamis Oriental nitong Mayo. Nagkaroon din ng matatagumpay na taktikal na opensiba sa Panay at Bicol.

**Negros**. Tatlong ripleng M-16 ang nasamsam mula sa ambus na isinagawa ng BHB-Northern Negros (Roselyn Pelle Command) laban sa mga sundalo ng Alpha Coy, 62nd IB. Isinagawa ang ambus noong Mayo 14, bandang alas-6:45 ng umaga sa Sityo Carbon, Barangay San Isidro, Toboso.

Ayon kay Ka Cecil Estrella ng BHB-Northern Negros, ang naturang ambus ay tugon ng Pulang hukbo sa kahilingan ng mga residente sa lugar na parusahan ang mga paglabag sa karapatang-tao ng 62nd IB. Namatay sina Pfc. Teddie Alcallaga, Pfc. Reggie Taleon, at Pfc. Ramel Perasol. Sugatan naman sina Cpl. Rosevil Villacampa at Pfc. Jethro Niervo. Kabilang sa mga nasamsam ang dalawang *ammunition pouch* at maraming bala para sa M-16.

Ipinahayag din ni Ka Cecil na nauna rito, napatay sa operasyong partisano ng RPC ang upisyal sa paniktik ng 62nd IB na si Cpl. Nelson Marino noong Mayo 1 sa parehong barangay.

**Panay.** Dalawang detatsment ng Philippine Army-CAFGU sa Tapaz, Capiz ang sinalakay ng BHB-Central Panay (Jose Percival Estocada Command ) noong Mayo 4 at 5. Ayon sa BHB-Central Panay, ang mga inatakeng detatsment ay bahagi ng mga pwersang panseguridad ng itatayong proyektong mega dam sa Ilog Pan-ay.

Ang unang taktikal na opensiba ay inilunsad laban sa detatsment sa Barangay Abangay bandang alas-otso ng gabi noong Mayo 4. Kinabukasan ng alas-4 ng umaga, isinagawa naman ang ikalawang pag-atake laban sa detatsment ng kaaway sa kalapit na barangay ng Daan Sur.

Samantala, nauna nang hinaras ng BHB-Central Panay ang detatsment ng RPSB6 noong Abril 18 sa Barangay Agcalaga, Calinog, Iloilo. Noon naman Abril 21, pinasabugan ang nag-ooperasyong 15-kataong yunit ng 31st Division Reconnaisance Company. Hindi bababa sa lima ang kaswalti sa 31st DRC.

**Agusan del Sur.** Nakumpiska ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng BHB-SMR sa ilalim ng Conrado Heredia Command ang isang M4 na riple at isang kalibre .45 na pistola mula sa isang despotikong upisyal ng reaksyunaryong gubyerno noong Mayo 4. Ayon kay Ka Roel Agustin II, tagapagsalita ng Comval Davao East Coast Subregional Operational Command, isinagawa ang reyd nang alas-6 ng umaga sa bahay ni Raul Granada, kapitan ng Barangay. Cuevas, Trento, Agusan del Sur. Ginagamit ni Granada ang kanyang mga baril upang takutin ang mga residente at abusuhin ang kanyang awtoridad. Pinayagan rin niya ang mga pasistang tropa ng 67th IB at iba pang yunit ng AFP na labagin ang karapatan ng mga magbubukid sa barangay. Kasabay nito, napatay ng isa pang yunit ng BHB-CHC ang CAFGU na si Napoleon Cortes matapos itong manlaban habang inaaresto sa isang tsekpoynt sa haywey sa Barangay Sta. Maria. Si Cortes ay may kaso ng pagtutulak ng droga at aktibong ahenteng paniktik ng AFP.



**Bicol.** Dalawang upisyal ng 203rd IB ang nasugatan matapos pasabugan ng BHB-Sorsogon (Celso Minguez Command) ang kanilang sinasakyang KM-450 sa Barangay Pangi, Matnog, Sorsogon noong Mayo 9, alas-3:35 ng hapon. Kinilala ang mga kaswalti na sina 2nd Lt. Ariel Cayton at Sgt. Joventico Serafica.

**Misamis Oriental.** Dalawang ripleng AR-15 at dalawang pistolang kalibre .45 at .40 ang nakumpiska ng BHB-North Central Mindanao Region matapos igawad ng mga Pulang mandirigma ang parusang kamatayan kay Ret. SPO4 Francisco Baguiz noong Mayo 16, alas-10 ng umaga, sa Sityo Kidahon, Barangay Malinao, Gingoog City.

Kabilang sa mga nakumpiska ng BHB ay 14 na magasin at dalawang *handheld radio.*

Ayon kay Ka Allan Juanito ng BHB-NCMR Regional Operations Command, pinarusahan si Baguiz matapos siyang hatulan ng hukumang bayan na may kasalanan ng pagpatay sa mga lider-katutubo at mga residente na natatanggol ng kanilang lupaing ninuno. May mabibigat siyang kaso rito ng pangangamkam ng lupa mula sa mga Lumad at magsasaka sa Syoan, Malinao at iba pang bahagi ng Gingoog City.

Ginagamit rin niya ang pangalan ng BHB sa kanyang mga gawaing ekstorsyon, at nagbuo ng kontra-rebolusyonaryong kultong "Gintong Araw." AB

# Ang kaayusang neoliberal

Sa harap ng pagkakahalal kay Davao Mayor Rodrigo Duterte, mahalagang usisain ang programa sa ekonomya na panimulang inilahad ng kanyang mga tagapayo. Taliwas sa kanyang mga pangakong "parating na ang pagbabago," wala pa itong inilalahad na bago at halos kinopya lamang sa mga programa ng kinamumuhiang rehimeng Aquino at mga imperyalistang amo nito. Katunayan, pinuri ito ng JP Morgan, isa sa pinakamalaking imperyalistang institusyon ng mga ispekulador sa pinansya, dahil sa "pagpapatuloy" ito sa nagdaang makadayuhang mga patakaran.

Binatikos ng mga pambansa-demokratikong organisasyon, gayundin ng Ibon Foundation, ang humuhugis na planong pang-ekonomyang maka-dayuhan, elista at walang pinagkaiba kay Aquino. Pinansin nila ang pagtalaga ng mga maka-US na teknokrata sa kanyang "economic team" at pahayag ni Duterte mismo na "umunlad" ang Pilipinas sa ilalim ni Aquino.

Kabilang sa programa sa ekonomya ni Duterte ang pagpapatuloy ng Public-Private Partnership, pagtatanggal ng mga rekstriksyon para sa malayang paglabas-masok ng dayuhang kapital sa pamamagitan ng *charter change* at pagpapalawak ng saklaw ng 4Ps bilang mapanlinlang at kontra-rebolusyonaryong pakana. Ang mga ito'y mga patakarang nakabalangkas sa lipas na at bangkaroteng teorya ng neoliberalismo na nagpahirap sa mamamayang Pilipino sa nakaraang mahigit tatlumpung taon.

**Mga patakarang neoliberal**

Pangunahin sa mga patakarang neoliberal ang liberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon. Ipinataw ang mga ito pangunahin para alisin ang mga hadlang sa pagkamal ng mas malaking tubo ng mga dayuhang monopolyo kapitalista at kanilang lokal na mga kasosyong kumprador burgesya, at sa parehong panahon, pangibabawan ang palubha nang palubhang krisis ng kapitalismo sa buong mundo. Para makabwelo ang malalaking kapitalista, inalis kapwa ang mga regulasyong pang-estado at pambansa. Nagbunsod ang mga patakarang ito ng matinding pinsala sa pambansang ekonomya ng mga atrasadong bayang malakolonyal at malapyudal. Ang pinsalang ito ay pinapasan ng uring manggagawa at karaniwang mamamayan.

Sa ilalim ng patakaran ng liberalisasyon sa kalakalan at pinansya, binaklas ang mga hadlang sa pagpasok ng sobrang produkto at kapital mula sa mga sentro ng kapitalismo tungo sa mga atrasadong bansa. Kapalit nito ang pagpasok ng kapital, na kalakha'y *portfolio*, na panandaliang nagpapasigla sa ekonomya at pamumuhunan. Ipinatupad ang liberalisasyon sa kalakalan sa pamamagitan ng pagbaba sa mga taripa sa iba't ibang mga inaangkat na produkto, kahit yaong mayroong lokal na produksyon tulad ng mga produktong agrikultural at pagkain. Sa larangan ng pinansya, inalis sa batas ang mga restriksyon sa dayuhang pamumuhunan at itinayo ang mga *export processing zone* kung saan isinagad ang mga insentibo para sa dayuhang mga empresa at ibinaba o tinanggal ang mga binabayaran nilang buwis.

Sa ilalim ng pribatisasyon, buubuong ibinenta ang mga ari-arian at serbisyo ng estado, sa pagdadahilang "mas episyente" itong mapapatakbo ng mga kapitalista. Ang totoo, dahil sa pribatisasyon, ang mga serbisyo ay naging kalakal na ibinebenta sa mamamayan. Ang mga serbisyong dapat tungkulin ng estado ay ibinigay sa mga pribadong empresang tanging hangarin ang magkamal ng tubo. Pabigat nang pabigat ang ipinapasa sa mamamayan na mga singilin, *toll*, matrikula at iba pa. “User pays” (nagbabayad ang gagamit) ang islogan ng neoliberalismo. Dahil di hawak ng gubyerno, ang mga pribadong empresa'y walang pananagutan sa lipunan at walang regulasyon ang operasyon. Nalalagay sa peligro ang kaligtasan ng publiko dahil sa pagtitipid at iba pang pamamamaraan para palakihin ang kita. Kabilang sa isinasapribado sa ngayon ang pampublikong mga pamilihan; edukasyon; pampublikong transportasyon; pasilidad pangkalusugan tulad ng mga ospital; pandepensa at seguridad; imprastruktura; yutiliti tulad ng kuryente at tubig; at maging ang makinarya sa eleksyon.

Sa ilalim ng patakarang deregulasyon sa pamumuhunan at pa-



milihan, ipinauubaya sa mga merkadong kontrolado ng mga monopolyo kapitalista ang pagtatakda ng mga presyo ng mga kalakal at serbisyo, kabilang ang lakas-paggawa. Niluwagan, kundiman lubusang inalis, ang kontrol sa mga patakaran sa pamumuhunan tulad sa usaping pangkapaligiran, pangkaligtasan at pangkalusugan. Binaklas ang mga umiiral na patakaran sa paggawa at pinairal ang pleksibleng sistema ng pag-eempleyo tulad ng kontraktwalisasyon at pagbaklas sa minimum na sahod.

Sa ilalim ng patakaran ng denasyunalisasyon, binibigyan ng palaking karapatan ang mga dayuhang mamumuhunan kahit sa mga larangan ng ekonomya at lipunan na dating nakareserba sa mga Pilipino. Pangunahin dito ang pagbaklas sa mga restriksyon sa dayuhang pamumuhunan sa lahat ng aspeto ng ekonomya at pagbibigay sa kanila ng buong karapatan na iuwi sa kani-kanilang mga bansa ang kanilang kita.

**Pagpapatupad ng kaayusang neoliberal sa Pilipinas**

Sinimulang ipatupad sa Pilipinas ang iba't ibang patakarang neoliberal noong maagang bahagi ng dekada 1980 sa ilalim ng diktadurang Marcos.

Kapalit ng bagong mga pautang, iniutos ng International Monetary Fund (IMF) at World Bank (WB) ang liberalisasyon sa pag-aangkat. Ipinatupad ni Marcos noong 1981 ang Tariff Reduction Program I (TRP1) na nagpababa sa mga taripa o buwis sa mga inaangkat na kalakal mula 100% tungong 10-50% noong 1981.

Bumwelo ang pagsasabatas ng mga patakarang neoliberal sa ilalim ng rehimen ni Corazon Aquino (1986-1992) at Fidel V. Ramos (1992-1998). Sa panahong ito, ganap na binaklas ang mga taripa sa

## Lupa at hustisya, panawagan ng mga magsasaka

BILANG TUGON sa walong puntong adyenda sa ekonomya ng susunod na rehimeng Duterte, naglabas noong Mayo 17 ng bukas na liham ang Unyon ng Manggagawa sa Agrikultura (UMA) at Anakpawis Partylist.

Sa liham, hinamon ng UMA si Duterte na ibigay ang hustisya sa mga magsasaka ng mahigit 6,000 ektaryang lupain ng Hacienda Luisita sa pamamagitan ng pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo, pagtataas ng sahod at pagbibigay ng mga benepisyo ng mga manggagawang bukid.

Ipinanawagan din ng grupo na imbestigahan ang korapsyon at paggamit ng Disbursement Acceleration Program (DAP) ng rehimeng US-Aquino para bayaran ang pamilyang Cojuangco-Aquino sa mahigit 4,000 ektaryang lupa ng Hacienda Luisita na nakapailalim sa Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) at dapat naipamahagi na sa 6,000 manggagawang bukid.

"Kailangang ibasura ng gubyerno ni Duterte ang huwad na CARP," ani Danilo Ramos, pangkalahatang kalihim ng UMA. Iginiit din ng grupo na parusahan ang lahat ng upisyal sa gubyerno, mga sibilyan at militar na kasapakat sa masaker sa Hacienda Luisita kung saan pitong manggagawa ang namatay.

Pinuna naman ng Anakpawis Partylist ang inilabas na walong puntong adyenda sa ekonomya ng mga tagapayo ni Duterte.

Sa partikular, binigyang-pansin ng Anakpawis ang pagkaligta sa pagtaas ng sahod ng mga manggagawang bukid at kawalan ng programa para sa tunay na repormang agraryo. Walang binanggit tungkol sa libreng pamamahagi ng lupa at walang perspektiba ng pambansang industriyalisasyon na pagmumulan ng tunay na pag-unlad ng ekonomya.

Gayundin, ipinaalala ng Anakpawis ang pangako nitong libreng irigasyon sa mga magsasaka.

Giit ng grupo, mahalagang mabago ang neoliberal na balangkas ng lupa, kung hindi, mananatili lamang ang kawalan ng lupa na mayor na suliranin ng mga magsasaka sa bansa, gaya na lamang ng asyenda na biktima ng ilang dekada ng pangangamkam ng lupa ng pamilyang Cojuangco-Aquino at pagpapatupad ng *stock distribution option* (SDO).

Hinimok rin ng mga ito si Duterte na itaguyod ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Anila, kailangang paunlarin ang agrikultura sa balangkas ng tunay na reporma sa lupa, kolektibisadong produksyon at pagmodernisa ng kagamitan sa produksyon. Sa pamamagitan nito, matutugunan ang pangangailangan ng bansa sa pagkain at hilaw na materyales para sa pagtatatag ng pambansang industriya. Sa pinakakagyat, inirerekomenda ng grupo na ipatupad ng papasok na administrasyon ang libreng irigasyon, proteksyon sa mga sakahan at kagalingan ng masang magsasaka.

Sa industriya, ipinapanukala nila kay Duterte ang nasyunalisasyon ng mga estratehikong industriya at sektor tulad ng pagmimina at bakal, enerhiya at *utility*, transportasyon at komunikasyon.

Ayon kay Fernando Hicap, kinatawan ng Anakpawis, ang hakbanging ito ay makabuluhang magbabawas sa malaking kabawasan sa napakalaking tantos ng kawalang trabaho sa bansa. Pananatilihin din nito sa loob ng bansa ang halagang malilikha kung ito ay palalayain sa kontrol ng dayuhang pamumuhunan at sinserong pagsisilbihan ang mamamayan, hindi ang paghuhuthot ng dambuhalang tubo ng pribadong sektor. AB

mga inaangkat na kalakal. Binaklas rin ang mga regulasyon sa pamumuhunan.

Sunud-sunod na isinapribado ang mga empresang pang-estado at pinapasok ang pamumuhunan ng malalaking dayuhan at lokal na kapitalista sa sektor ng pagbabangko, langis, tubig, kuryente, telekomunikasyon at iba pang mahahalagang sektor ng ekonomya.

Sa pagtatapos ng rehimeng Ramos noong 1998, halos nakumpleto ang pag-aayon sa neoliberalismo ng mga batas, patakaran at mga kautusan ng estadong malakolonyal. Sinimot na lamang ng magkakasunod na gubyernong Estrada, Arroyo at Benigno Aquino III ang mga larangan ng ekonomya na hindi pa kumpletong nakubabawan ng mga dayuhan at lokal na kapitalista.

Alinsunod sa dikta ng gubyernong US, sinikap ng magkakasunod na rehimen ang pagbabago o pag-amyenda sa konstitusyong 1987 upang tuluyang alisin o ipawalambisa ang mga probisyon nitong nagtatakda ng mga hangganan sa dayuhang pamumuhunan at pagmamay-ari ng lupa. AB

*Ito ang una sa serye ng mga artikulo hinggil sa neoliberalismo. Sa ikalawang bahagi, tatalakayin ang mga batas at kautusang nagpatupad ng liberalisasyon, pribatisasyon. deregulasyon at denasyunalisasyon sa Pilipinas*

## Ano ang neoliberalismo?

ANG NEOLIBERALISMO o bagong liberalismo ay isang teorya sa ekonomya na umusbong noon pang dekada 1930 pero nangibabaw lamang noong maagang bahagi ng dekada 1980.

Itinataguyod nito ang "malayang pamilihan" at "malayang kalakalan" sa kalagayang hindi na ito umiiral sa ilalim ng monopolyong kapitalismo o imperyalismo. Ang sistemang ito'y pinalalabas na "kapitalismo ng malayang kompetisyon" tulad noong ika-19 na siglo. Panahon ito na ang klasikong liberalismo ay progresibong kilusan laban sa paghadlang ng pyudal na estado sa paglago ng kapitalistang sistema.

Naging dominante ang kaayusang neoliberal mula maagang bahagi ng dekada 1980, nang isalin ito sa aktwal na mga patakaran ng noo'y presidente ng US na si Ronald Reagan at ni noo'y Prime Minister Margaret Thatcher ng United Kingdom. Malawakang ipinatupad ang pribatisasyon sa tangkang lutasin ang penomenon ng istagplasyon na isinisi nila sa interbensyon ng estado sa ekonomya mula ang Great Depression noong dekada 1930 hanggang pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ang istagplasyon ay ang sabayang pag-iral ng istagnasyon o pagkatigil ng ekonomya (at ang kaakibat nitong mataas na tantos ng disempleyo) at implasyon o mataas na presyo ng mga bilihin. Pinalabas nina Reagan at Thatcher na ang matataas na sahod ng mga manggagawa at paggastang pampubliko para sa serbisyong sosyal ang dahilan nito.

Pinalaganap nila ang neoliberalistang pananaw na dapat bigyan-laya ang mga kapitalista na magpalaki ng tubo at magkamal ng kapital para magbunsod ng produksyon at pasiglahin ang ekonomya. Ginamit nila ito para atakehin ang mga manggagawa—ang kanilang sahod, mga trabaho at mga unyon at ipinagkait sa kanila ang serbisyong sosyal sa pamamagitan ng malawakang pribatisasyon.

Sa nakaraang mahigit tatlong dekada, pinalabas na walang suliranin sa ekonomya na hindi malulutas ng tuluy-tuloy na pagbuhos ng pera at pautang sa mga monopolyo kapitalista. Ipinatupad ang kaayusang neoliberal sa lahat ng panig ng mundo sa pamamagitan ng mga internasyunal na institusyong pampinansya, pangunahin ng World Bank, International Monetary Fund at US Treasury. Ipinataw ito sa mga bansang sadlak sa krisis at desperado sa kapital bilang kundisyon sa kanilang pangungutang. AB

## Welga sa 2 pabrika sa Laguna, ipinutok

IPINUTOK NG MGA kontraktwal na manggagawa ng Manila Cordage Corporation at Manco Synthetic Incorporated sa Calamba City, Laguna ang welga noong Mayo 4 upang labanan ang "endo" at igiit ang kanilang regularisasyon sa trabaho. Napapanahon ang mga laban na ito lalupa't nangako ang lahat ng mga pangkatin ng reaksyunaryong uri, kabilang ang kampo ng kapapanalong presidenteng si Rodrigo Duterte, na iwawaksi nila ang kontraktwalisasyon.

Pinamunuan ng MCC-Employees Labor Union at MSI-Employees Labor Union ang naturang welga na nilahukan ng aabot sa 361 kontraktwal mula sa dalawang kumpanyang lumilikha ng pang-eksport na tali mula sa abaca at *nylon*. Marami sa mga manggagawa ang lima hanggang walong taon nang nagtatrabaho sa mga kumpanya.

Bago nito, puspusan na ang paglaban ng mga manggagawa para kilalanin ang kanilang mga unyon. Mula Mayo 2015, tumanggi ang maneydsment na kilalanin ang mga ito at inatake ang mga manggagawa sa pamamagitan ng iligal na pagtanggal sa 29 kasapi nito. Matagal na ring pinagdurusahan ng mga manggagawa ang maba-

bang arawang sahod na P315. Kinakaltasan ang sahod nila na umano'y mga kontribusyon sa SSS, Philhealth at Pag-ibig pero hindi ito inireremit sa naturang mga ahensya. Dagdag pa, iligal ding binabawasan ang kanilang sahod kapag idedeposito ito sa bangko.

Hindi rin sinusunod ng mga kumpanya ang mga angkop na regulasyon sa kaligtasan ng mga manggagawa. Sa halip, pinupwersa ng mga ito ang mga manggagawa na bumili sa kanila ng mga kagamitang pangkaligtasan sa napakataas na presyo. Resulta nito, ilang manggagawa na ang naputulan ng daliri, nalapnos ang balat at nagtamo ng iba pang pinsala. Malala pa, ang mga manggagawa mismo ang pinagbabayad sa mga gastusin sa pagpapagamot, at hindi binabayaran ang kanilang pagliban sa trabaho dulot ng mga aksidente.

Ang MCC at MSI ay pag-aari ng mga kapitalistang Amerikano at Pilipino. Rehistrado ang mga ito bilang dalawang magkahiwalay na kumpanya ngunit pinatatakbo ng iisang maneydsment lamang.

Ipinahayag ni Roger Soluta ng Kilusang Mayo Uno na sa kabila ng mga banta ng panunupil at pagtanggal, kumikilos ang mga manggagawa upang wakasan ang kontra-manggagawang mga disenyo sa paggawa. Nakatakda ring iputok ng mga manggagawa sa Ebara Benguet Incorporated (EBI), isang pabrikang gumagawa ng *steel pump,* ang kanilang welga matapos na nagbotohan pabor sa pagwelga ang mga kasapi ng unyon upang labanan din ang kontraktwalisasyon. Ang MCC, MSI at EBI ay pawang nasa loob ng mga "Special Economic Zone" kung saan talamak ang kontraktwalisasyon.

Samantala, naglunsad ng kilos-protesta ang mga manggagawa sa Nakashin-Davao noong Mayo 17. Unang naglunsad ng protesta Nakashin noong Abril 21 laban sa kontraktwal nilang katayuan at para sa kanilang mga benepisyo na ipinagkait ng kumpanya. AB

## Aktibistang magsasaka, pinaslang sa Sorsogon

ISA NA NAMANG BIKTIMA ng ekstrahudisyal na pagpatay ang naiulat sa Sorsogon nitong Mayo. Binaril ng dalawang lalaking pinaghihinalaang militar si Rodel Erepol, 30, noong Mayo 6 sa loob ng kanyang bahay sa Barangay Bentuco, Gubat.

Bandang alas 8:30 nang gabi nang tawagin si Erepol ng dalawang lalaking armado ng M-16 na nagkukunwaring may dalang sulat para sa kanya. Sinalubong siya ng anim na bala pagbukas niya ng pinto, at hindi na nakaabot sa ospital nang mawalan ng buhay. Ang kapatid na babae ni Erepol ay isang aktibista sa karapatang-tao sa Sorsogon. Inimbestigahan ng KARAPATAN ang pagpaslang sa kanyang kapatid.

Limang araw pa lamang mula nang magbalik si Erepol mula sa Maynila kung saan siya nagkanlong nang lusubin ang kanyang bahay noong Pebrero 24 ng mga pwersa ng 31st IB na nakabase sa Casay, Casiguran. Pinaulanan ng bala ang kanyang bahay, hinalughog at kinuha ang mga personal na kagamitan pati ang mga ID ng kanyang pamilya.

Samantala, noong 12:45 ng umaga, Mayo 8, namatay sa altapresyon at atake sa puso si Jose Andaya, 70, isang magsasakang detenido pulitikal sa loob ng Tinangis Penal Farm, Pili, Camarines Sur. Si Andaya ay inaresto ng PNP noong Abril 24, 2015 sa gawa-gawang kasong kriminal.

## Ika-10 asembliya ng TUMANDUK, inilunsad

MATAGUMPAY NA naidaos ng TUMANDUK (Tumandok nga Mangunguma nga Nagapangapin sa Duta kag Kabuhi), organisasyon ng mga katutubo sa Panay na nakikibaka laban sa pagsasamantala at pang-aapi, ang kanilang ika-sampung asembliya sa Barangay Katipunan, Tapaz, Capiz noong Abril 8-10. Ang TUMANDUK ay itinatag noong Oktubre 1996 upang labanan ang ipinatutupad ng 3rd ID na pagpapaalis sa kanilang lupa. Mahigit 800 kinatawan ng mga Tumandok mula sa mga bayan ng Tapaz, Calinog, Lambunao at Janiuay, at kanilang mga tagasuporta ang dumalo sa aktibidad.

Dalawang araw bago ang asembliya, naglunsad ng *psychological operations* ang mga yunit ng 61st IB at PNP-Capiz, sa pamumuno ni Lt. Col. Leonardo Peña at ni Senior Superintendent Robert Rodriguez, ang hepe ng pulis sa Capiz. Tinipon nila ang mga mamamayan ng Barangay Katipunan upang pigilan ang mga taumbaryo na dumalo sa asembliya ng TUMANDUK dahil aktibidad diumano ito ng Bagong Hukbong Bayan at Partido Komunista. Dinahas din ng mga tropang militar ang mga kabataang nag-eensayo para sa kanilang pangkulturang pagtatanghal.

Sa asembliya, nagkaisa ang mga katutubo na lalupang palawakin ang kanilang hanay, higit pang palakasin ang kanilang pagkakaisa at buong tapang na ipagtanggol ang kanilang lupaing ninuno laban sa proyektong megadam, *military reservation* at iba pang proyekto ng rehimeng US-Aquino at ng papalit nitong rehimen. Ipinanawagan din nila ang lubos na pagbigo sa Oplan Bayanihan na nagdala ng malalaking pinsala sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Tumandok.

Nagdiwang din ang mamamayang Tumandok sa kanilang pinakahuling tagumpay laban sa mapaminsalang proyektong megadam sa Ilog Jalaur at Pan-ay. Kasabay nito, ginunita rin nila ang ika-20 taong pagkatatag ng kanilang organisasyon at ang 45-taong pakikibaka laban sa pagsasamantala at pang-aapi.

Nagpaabot din ng mainit na pagbati ang Bagong Hukbong Bayan-Central Panay sa makasaysayang pagtitipon na ito. AB

# 5 progresibong partido, nagwagi sa eleksyong *partylist*

LIMANG PROGRESIBONG partido ang nagwagi sa sistemang *partylist* sa nakaraang halalan. Ito ay sa kabila ng malawakang pandaraya gamit ang de-kompyuter na pagbibilang ng boto at pananakot sa mamamayang naghalal sa kanila.

Nakakuha ng tigdadalawang pwesto sa kongreso ang Gabriela Women's Party (GWP) at Alliance of Concerned Teachers, at tig-iisang pwesto ang Bayan Muna, Anakpawis at Kabataan Partylist. Ikalawa sa pinakamaraming boto sa eleksyong *partylist* ang GWP.

Sinasalamin ng mga resultang ito ang pagnanais ng sambayanan na magkaroon ng mga kinatawan na magbabantay ng kanilang kapakanan sa loob ng reaksyunaryong kongreso. Pinuri ng GWP ang mamamayang Pilipino sa pagpapahayag hindi lamang ng kanilang kolektibong kagustuhan sa halalang 2016 kundi sa pagtatanggi sa rehimen ni Aquino. Nangako ang GWP na kikilos ito sa loob at labas ng kongreso upang itulak ang mga programa para sa mahihirap na kababaihan at bata, kabilang na ang mga batas para sa disente at abot-kayang pabahay, kalusugan, edukasyon, pagtugon sa di-pantay na katayuan ng mga kababaihan at LGBTs, pagpapatigil ng kontraktwalisasyon at pagbabasura sa mga di-pantay na kasunduan sa ekonomya at militar.

## Pakikibaka para sagipin ang Fabella Hospital, inilunsad

ITINAMPOK NG Gabriela Women's Party (GWP) ang "araw ng mga ina" noong Mayo 14 sa pamamagitan ng kilos protesta upang sagipin ang Dr. Jose Fabella Memorial Hospital. Kabilang sa pagkilos ang isang grupo ng mga nanay na dati nang nagsilang ng kanilang sanggol sa ospital na ito.

Bago nito, ginunita naman ng Alliance of Health Workers (AHW) ang Pambansang Araw ng mga Manggagawang Pangkalusugan noong Mayo 6 sa pamamagitan ng pagmartsa papunta sa DOH mula sa Fabella para iprotesta ang plano na pagsasara nito.

Ang Fabella ang pinakamalaki at pinakamalawak na pampublikong ospital na nag-eespesyalisa sa pangangalaga sa kalusugan ng kababaihan (*obstetrics-gynecology).* Itinayo ito noong 1920 sa Sta. Cruz, Maynila sa *compound* ng Old Bilibid. Ngayo'y nagbibigay ito ng mura hanggang libreng serbisyo sa panganganak sa humigit-kumulang 2,000 mahihirap na kababaihan bawat araw. Nasa 60-80 kababaihan ang nanganganak dito kada araw. Itinanghal ito ng World Health Organization noong 2015 bilang modelo sa programa sa pagpapasuso at pangangalagang "kangaroo" (paggamit ng init ng katawan ng ina sa halip na *incubator* upang mapangalagaan ang mga sanggol na ipinanganak na kulang sa buwan.)

Ipinahayag ng GWP at AHW ang pagkabahala sa mawawalang murang serbisyo para sa mahihirap na pasyente at sa mga manggagawang pangkalusugan na matatanggal sa trabaho. Nanawagan sila sa gubyerno na paunlarin ang ospital gamit ang pampublikong pondo sa halip na ipailalim ito sa pribatisasyon.

Ayon kay Emmi de Jesus ng GWP, nakagagalit na sa nakaraang anim na taon, sa gitna ng matinding pagdami ng mga inang namamatay sa panganganak at sanggol na di tumatagal ang buhay ay patuloy na inuuna ng rehimeng Aquino ang pagbebenta ng mga ospital sa pribadong sektor.

Ang lupang kinatitirikan ng ospital ay inilaan ng gubyerno sa debeloper na Home Guarantee Commission (HGC), isang mala-pribadong ahensya. Noong Abril 25, idineklara ng pinuno ng Fabella na si Esmeraldo Ilem na dapat nang umalis sa mga gusali nito ang mga empleyado pagdating ng Hunyo 8.

Noong nakaraang taon pa nagpaabot ang HGC ng notisya sa DOH na tanggalin na ang ospital.

Ililipat ang Fabella sa tabi ng San Lazaro Hospital at Jose B. Reyes Memorial Medical Center upang buuin ang isang *tri-medical complex* sa Maynila, samantalang ang lupa ay tatayuan ng HGC ng *mall* at mamahaling pabahay.

## Laban sa Kampung Dadap, sinuportahan

NAKIKIISA ANG sambayanang Pilipino sa pakikibaka ng mga maralita sa Kampung Dadap, Tangerang, Indonesia laban sa PT Tangerang International.

Noong Mayo 10, 2016, mahigit 2,000 pinagsanib na pwersa ng pulis at sundalo ng Indonesia ang walang habas na namaril sa mga mamamayang nagpuprotesta laban sa pagpapalayas ng 1,872 pamilya sa 52 kilometrong baybayin ng Kronjo hanggang Dadap. Lima ang tinamaan ng bala at maraming iba pa ang nasugatan.

Matagal nang tinututulan ng mamamayan ang pagpapalayas sa kabahayan sa tabing dagat. Ipinahayag noong 2013 ng pinuno ng Tangerang na si Ahmed Zaki Iskandar na nakipagsosyo ang administrasyon sa PT Tangerang International. Plano nilang magreklamasyon sa pitong isla na sasaklaw ng 9,000 ektarya.

Ayon kay Rahmat Ajiguna, pangkalahatang kalihim ng Aliansi Gerakan Reforma Agraria (ARGA o Alyansa ng mga Magsasaka para sa Repormang Agraryo), "Ang mga proyektong imprastruktura katulad ng mga kalsada at riles sa Indonesia, na nagpalayas na sa libu-libong komunidad sa kanayunan, ay nagsisilbi sa pagpapabilis sa paglabas ng mga produkto at mga hilaw na materyales at hindi para sa kabutihan ng mga Indonesian."